Healthy Pilipinas

AHA! LEARNING CENTER'S ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?**
**FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL**
**Lesson 12**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Tamang Paglilinis ng mga Bagay".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 12**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Ivan ng Caloocan City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, bakit po kailangan naming maglinis ng mga bagay sa loob ng bahay kahit hindi po kami lumalabas?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hi, Ivan!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Kailangan nating maglinis ng mga bagay sa loob ng ating bahay upang mapatay ang mga virus, germs, o bacteria na nakatambay dito. ❌🦠

Katulad na lamang ng ating mga sapatos 👞 o tsinelas 👠, sprayan natin ito ng alcohol ➕ o hugasan 🧼. Kung maaari, ihilera natin ito sa labas ng ating bahay para hindi natin mapapasok ang virus na nakakapit doon. 🏠

Ang sinuot naman na damit ay ihiwalay sa laundry bag at labhan gamit ang tubig, sabong panlaba, at konting bleach sa lalong madaling panahon. 👕🧺 (Bid goodbye sa virus gamit ang bleach! 👋🦠)

**IV.✊ HAMON**

Higit sa lahat, punasan natin ang mga bagay na madalas hawakan tulad ng doorknob 🚪, susi 🗝, cellphone 📱, hawakan ng aparador 🗄, toilet flushes 🚽, gripo 🚰, atbp. gamit ang malinis na basahan na may bleach. (Tandaan na 1:100 ang ratio ng bleach sa tubig - 1/4 baso ng Bleach sa 1 galon ng malinis na tubig. 🥛)

Tandaan natin ang dalawang ✌ paalala na ito:

Una, BEAT COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapanatiling malinis at malusog ang ating katawan upang magkaroon tayo ng malakas na resistensya na ating proteksyon sa sakit. 💪🦠

Ikalawa, STAY SAFE AT HOME. Linisin ang mga bagay sa loob ng ating bahay upang hindi mag-trespass o manghimasok sa loob ng ating katawan ang COVID-19 virus. 🧽❌🦠

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Tama o Mali. Maglinis ng mga bagay sa loob ng ating bahay upang mapatay ang mga virus, germs, o bacteria na nakatambay dito.
🔎 Paano lilinisin ang mga sapatos at tsinelas?
🔎 Anu-ano ang mga bagay na madalas nating hawakan?
🔎 Ano ang ratio ng bleach sa tubig?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita ulit tayo sa susunod para sa “Bata, may tanong ka ba tungkol sa COVID-19?” 👧🏻👦🏻❓

Maraming salamat sa pakikiisa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."